

Healthy smiles Ontario

Isang walang bayad na dental na programa para sa mga kwalipikadong bata na 17 taong gulang at mas bata

Ano ang Healthy Smiles Ontario?

Ang Healthy Smiles Ontario ay isang bagong programa para sa mga batang 17 taong gulang at mas bata na walang access sa anumang uri ng dental coverage. Kung kwalipikado ang iyong mga anak, sila'y makakakuha ng regular na mga dental na serbisyo nang walang gastos sa iyo.

Sino ang Kwalipikado?

Ang mga batang 17 taong gulang at mas bata ay maaaring kwalipikado kung:

- Sila ay mga naninirahan sa Ontario;
- Sila ay mga miyembro ng sambahayan na may Adjusted Family Net Income na \$20,000 bawat taon o mas mababâ; at
- Wala silang access sa anumang uri ng dental coverage (kabilang ang iba pang mga programa na pinopondohan ng gobyerno tulad ng Ontario Works).

Upang makakuha ng karagdagang impormasyon tungkol sa mga requirement sa pagiging kwalipikado sa Healthy Smiles Ontario at mga kinakailangang dokumento upang beripikahin ang pagiging kwalipikado, tumawag sa ServiceOntario INFOLine nang libre sa 1-866-532-3161 (libreng TTY sa 1-800-387-5559), o kontakin ang public health unit sa iyong lugar. May listahan ng mga public health unit na mahahanap sa ontario.ca/healthysmiles.

Paano ako mag-aaplay?

Kailangan mong kontakin ang public health unit sa iyong lugar para mag-aaplay. Tutulungan ka rin ng iyong public health unit sa proseso ng aplikasyon, kung saan pupunan ang isang pormularyo at ipapakita ang mga kinakailangang dokumento.

Anong mga serbisyo ang sakop?

- Regular na pagbisita sa isang lisensiyadong dental provider, tulad ng dentista o dental hygienist
- Pagpapalinis

- Pagpapasta
- Mga x-ray
- Scaling
- At marami pang iba

Anong mga serbisyo ang hindi sakop?

- Cosmetic dentistry, tulad ng pagpapaputi ng ngipin
- Orthodontics, tulad ng braces
- Ang pagpapatingin ng ngipin kung may emergency

Kung ang isang bata na 17 taong gulang at mas bata ay kailangan kaagad magpatingin ng ngipin dahil sa emergency, ang mga serbisyo ay maaaring sakop sa ilalim ng Children in Need of Treatment (CINOT) na programa. Mangyaring kontakin ang public health unit sa iyong lugar o magpunta sa ontario.ca/cinot para sa karagdagang impormasyon.

Saan maaaring makakuha ang aking anak ng dental care bilang bahagi ng Healthy Smiles Ontario?

Oras na makompleto ang proseso ng aplikasyon, sasabihin sa iyo ng public health unit sa iyong lugar ang mga opsyon sa dental na serbisyo na maaaring makuha sa iyong komunidad. Maaaring kabilang dito ang mga dental provider sa pribadong praktis at/o public health unit o dental clinic sa komunidad, depende sa kung saan ka nakatira.

Maaari bang magpatingin ang aking anak sa aking sariling dentista?

Maaaring patuloy na magpatingin ang iyong anak sa iyong dentista kung siya ay kalahok sa programa na Healthy Smiles Ontario. Kung ang iyong dentista ay hindi kalahok sa programa, maaari mong kontakin ang isang nagsasariling dentista o dental hygienist sa iyong lugar upang malaman kung siya ay kalahok sa programa.